
2

# Sining

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Paggawa ng Paper Mache



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Sining – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Paggawa ng Paper Mache**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**BUMUO SA PAGSUSULAT NG MODYUL**

**Manunulat:** Joanne G. Manalili/Leah A. Clores
**Editor:** Florida A. Alejandro
Ramon J. De Leon, PhD
**Tagasuri:** Gina C. Santos
Charina S. Sogue
Engelbert B. Agunday, EdD
**Tagaguhit:** Gemmarie G. Rivas
**Tagalapat:** Gemmarie G. Rivas/Leah Clores
**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong, PhD, CESO V
Librada M. Rubio, PhD
Ma. Editha R. Caparas, PhD
Nestor P. Nuesca, PhD
Priscilla D. Sanchez, PhD
Ever M. Samson
Josephine S. Tabangay

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region 3 @deped.gov.ph

2

# Sining

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
## Paggawa ng Paper Mache

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Arts 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Paggalang at Pagsasaalang-alang sa Damdamin ng Iba!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa <u>Sining 2</u> ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa <u>Paggalang at Pagsasaalang-alang sa Damdamin ng Iba</u>!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
|  *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng  gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain  na  naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## Alamin

Ang mag-aaral ay nalalaman ang tamang paraan sa paggawa ng paper mache na nagpopokus sa proporsyon at balanse. *(*A2PR-IVd*)*




## Subukin

Panuto: Pag-aralan ang mga larawan sa bawat bilang. Isulat sa iyong sagutang papel ang / kung ang larawan ay kagamitan sa paggawa ng paper mache at X kung hindi.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

| Aralin 1 | Paggawa ng Paper Mache |
|---|---|


Ang paper mache ay isang katutubong sining na yari sa papel. Sa paraang ito ay nakabubuo ng magagandang laruan, palamuti at iba pa.

## *Balikan*

Ano-ano ang maaari mong mabuo gamit ang mga lumang bagay sa iyong paligid tulad ng kawad, tali, kahon at tansan?

## *Tuklasin*

Panuto: Basahin at unawain ang maikling kwento.



**Lagi Sa Ala-ala**

ni Joane G. Manalili

Ako si Ken, siya naman si Hammy, ang alaga kong hamster. Masaya ako sa tuwing nakikita ko si Hammy. Palagi kaming naglalaro kapag wala akong pasok. Pinakakain ko siya sa tamang oras. Nilalagyan ko rin ng tubig ang kanyang inuminan.

Alam kong masigla at masaya siya sa tuwing naglalaro siya sa kanyang palaruan.

Isang araw, paggising ko, nawawala si Hammy. Wala na siya sa kanyang kulungan. Umiiyak ako habang hinahanap namin siya ni Inay. Ngunit hindi na namin siya nakita. Nakalulungkot na sa bawat araw ay hindi ko siya nakikita. Tanda ng aking pagmamahal at pag-aalala, gumawa ako ng isang hamster na paper mache.

Sa tulong ni Inay gamit ang iba't ibang materyales ay nakagawa kami ng isang likhang sining na kahawig ni Hammy. Humanap kami ni Inay ng isang kawad o kawayan at humulma ng isang hamster.


**Mga Tanong:**

1. Sino ang may alaga kay Hammy?
2. Anong uri ng hayop ang alaga ni Ken?
3. Tuwing kailan nagiging masaya si Ken at si Hammy?
4. Ano-ano ang ginagawa ni Ken para sa kanyang alaga?
5. Sino ang katulong ni Ken sa pag-aalaga kay Hammy?

## Suriin

Ano ang Paper Mache? Paano gumawa nito na may proporsyon at balanse?

Ang paper mache ay gawa mula sa mga papel o lumang diyaryo. Ito ay ginagamitan ng balangkas upang mapanatili ang kanyang hugis. Nasa ibaba ang mga hakbang sa paggawa nito.



1. Lumikha ng nais na hugis gamit ang kawad o kawayan.



2. Punit- punitin nang maliliit ang lumang papel o dyaryo at ibabad ito sa tubig sa loob ng magdamag.




3. Hanguin at pigain ito, pagkatapos ay dikdikin.




4. Paghaluin ang dinikdik na mga papel at pandikit.



5. Ilagay at idikit sa balangkas na iyong ginawa ang dinikdik na papel na may halong pandikit.



6. Patuyuin ito sa araw sa loob ng dalawang araw at kulayan ang ginawa gamit ang kulay na gusto mo.



## *Pagyamanin*

### Gawain 1

Panuto: Tukuyin ang tamang pagkakasunod-sunod sa pagagawa ng paper mache. Isulat ang bilang 1 hanggang 5 sa iyong sagutang papel.

___ Magpunit ng papel at idikit sa anyo ng hayop.
___ Kulayan ang ginawa gamit ang kulay na gusto mo.
___ Ihanda ang mga materyales sa paggawa ng paper mache.
___ Patuyuin ito sa araw sa loob ng dalawang araw.
___ Lumikha ng nais na hugis gamit ang kawad o kawayan.

## Gawain 2

Panuto: Gumawa ng paper mache gamit ang hugis ng isang hinahangaang cartoon character. Sundin ang tamang proseso sa paggawa.

| |  4 |  3 |  2 |  1 |
|---|---|---|---|---|
| **Materyales/ Mga Kagamitan** | Kumpleto at maayos ang mga kagamitan sa paggawa ng paper mache. | Kumpleto ngunit hindi nasunod ang tamang materyales sa paggawa ng paper mache. | Kulang at hindi gaanong maayos ang mga kagamitan sa paggawa ng paper mache. | Walang kagamitan sa paggawa ng paper mache. |
| **Paraan ng paggawa** | Nasunod nang tama ang proseso sa paggawa ng paper mache. | Nasunod ang proseso ngunit hindi maayos ang pagkaka gawa ng paper mache. | Kulang ang pamamaraan na ginawa kaya hindi maayos ang kinalabasan. | Hindi nasunod ang tamang pamamaraan sa paggawa ng paper mache. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Pagkamalikahain** | Makulay ang gawa at nagamit ang sariling ideya at imahina-syon. | Iisang kulay lamang ang ginamit sa gina-wang paper mache. | Kumopya sa gawa ng iba. | Hindi nagamit ang imahina-syon sa pag-gawa ng paper mache. |

## Gawain 3

Panuto: Iguhit ang masayang mukha  sa iyong sagutang papel kung gaano mo kadalas ginagawa ang nakasaad na kilos sa bawat bilang at malungkot na mukha  naman kung hindi.

| Gawain | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Naibigay ko ang kumpletong materyales para sa isang likhang sining. | | |
| 2.Nagawa ko ang tamang pamamaraan sa paggawa nito. | | |
| 3. Nasunod ko ba ang hugis na aking napili? | | |
| 4. Naging masaya ako matapos kong gawin ang aking paper mache. | | |

| | | |
|---|---|---|
| 5. Natapos ko nang maganda ang aking likhang sining. | | |

## *Isaisip*

Ang ________________ ay gawa mula sa mga papel o lumang dyaryo. Ito ay ginamitan ng _____________ upang mapanatili ang kanyang hugis.

Gamit ang mga bagay na nasa paligid, maraming likhang sining ang ating magagawa. Malikhaing pag-iisip at dedikasyon sa gawain ang kailangan upang mapagtagumpayan ang isang likhang sining.

## *Isagawa*

Panuto: Isulat sa iyong sagutang papel ang mga salita na maaaring gamitin sa paggawa ng iba't ibang likhang sining.

| | | |
|---|---|---|
| Lata | Telebisyon | Dahon |
| Papel | Pintura | Kutsilyo |
| Krayola | Lumang damit | Bentilador |

# *Tayahin*

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Isulat ang titik ng mga pamamaraan na dapat sundin sa paggawa ng paper mache.

1. Likhang sining na binubuo ng mga piraso ng pinagsama-samang papel.
   a. Printing
   b. Paper mache
   c. Overlapping
   d. Origami

2. Ito ang huling paraan sa paggawa ng paper mache.
   a. Kulayan gamit ang pintura
   b. Ihanda ang mga materyales sa paggawa
   c. Ibilad sa araw
   d. Magpunit ng papel

3. Gaano katagal dapat ibilad sa araw ang ginagawang paper mache.
   a. Dalawang  minuto
   b. Dalawang oras
   c. Dalawang araw
   d. Dalawang buwan

4. Ginagamit na pandikit sa paggawa ng paper mache.
   a. Scotch tape
   b. Glue at tubig
   c. Mumo
   d. Rugby

5. Nagsisilbing hulmahan o hugis ng hayop sa paggawa ng paper mache.

a. Plastic
b. Semento
c. Banga
d. Kawad o kawayan

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Isulat sa iyong sagutang papel kung tama o mali ang isinasaad ng bawat pangungusap.

_____1. Kinakailangan ang sikat ng araw sa paggawa ng paper mache.

_____2. May sampung paraan ang paggawa ng paper mache.

_____3. Ang paper mache ay isang likhang sining.

_____4. Ginagamitan ito ng balangkas upang manatili ang hugis nito.

_____5. Ang paper mache ay gawa sa materyales na lata at plastik.

| Aralin 2 | Ating Likhang Sining |
|---|---|

Sa pamamagitan ng sining, naipapahayag nito ang mga nais nating sabihin. Dito nasusukat kung paano maipakikita ang pagpapahalaga sa mga bagay na hindi gaanong binibigyan ng pansin, hanggang sa mabigyan ito ng buhay sa pamamagitan ng sining.

Ikaw paano mo magagawa bilang likhang sining ang mga bagay na maari ng itapon?

## *Balikan*

Panuto: Lagyan ng ✓ ang kagamitang ginagamit sa paggawa ng paper mache at X kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.


| Kagamitan | ✓ | X |
|---|---|---|
| 1. lumang dyaryo | | |
| 2. kawad | | |
| 3. clay | | |
| 4. pandikit | | |
| 5. patpat | | |

## Tuklasin

Basahin at unawain ang maikling kwento.

Libangan

ni Leah A. Clores



Bakasyon na at ang isa sa paboritong libangan ng magkapatid na Chelsie at Chester ay ang paggawa ng mga bagay na maari ng itapon, katulad ng dyaryo, lata at boteng plastik. Gumagawa ang magkapatid ng mga bagay na mayroong iba't ibang disenyo na yari sa dyaryo, lata at boteng plastik.

Ngayon bakasyon, ang napagkasunduang gawin ng magkapatid na Chelsie at Chester ay ang paggawa ng pencil holder. Dahil nakita nila na marami ng nakatambak na lata at boteng plastik sa kanilang paligid. Gagawa sila ng madaming pencil holder at kanila itong ibebenta. Ang kanilang mapagbebentahan ay ipambibili naman nila ng mga gamit sa susunod na pasukan. Tiyak na matutuwa ang kanilang mga magulang sa naisip na ito ng magkapatid.



## *Suriin*

Mga Tanong:

1. Paano makagagawa ng likhang sining?

2. Ano ano ang mga hakbang sa paggawa ng pencil holder?

Makagagawa tayo ng mga likhang sining gamit ang hinating pahabang dyaryo o papel sa lata o boteng plastik para mapanatili ang balanse at proporsyon nito. Ang tawag dito ay paper mache.


Ang isang halimbawa ng paper mache ay pencil holder.

Narito ang mga hakbang sa paggawa ng pencil holder.

Mga kagamitan:

- Lata o boteng plastik
- Pandikit
- Lumang dyaryo/papel
- Water color

| Mga hakbang sa paggawa ng pencil holder | |
|---|---|
| 1. Kumuha ng lata o boteng plastik. Sa gabay ng inyong magulang ay hatiin ang boteng plastik na kagaya ng nasa ilustrasyon. |  |

| | |
|---|---|
| 2. Hatiin ng pahaba ang lumang dyaryo o papel. |  |
| 3. Isa-isahing idikit ang hinating pahabang dyaryo o papel sa lata hanggang sa ito ay kumapal. |  |
| 4. Patuyuin ito sa araw. |  |
| 5. Lagyan ito ng disenyo ayon sa nais mo at kulayan gamit ang water color. |  |

## *Pagyamanin*

### Gawain 1

Panuto: Pagsunud-sunurin ang mga hakbang sa paggawa ng pencil holder. Isulat ang bilang na 1 hanggang 5 sa iyong sagutang papel.

____ Lagyan ito ng disenyo ayon sa nais mo at kulayan gamit ang water color.

____ Kumuha ng lata o boteng plastik. Sa gabay ng inyong magulang ay hatiin ang boteng plastik na kagaya ng nasa ilustrasyon.

____ Patuyuin ito sa araw.

____ Isa-isahing idikit ang hinating pahabang dyaryo o papel sa lata hanggang sa ito ay kumapal.

____ Hatiin ng pahaba ang lumang dyaryo o papel.

### Gawin 2

Panuto: Isulat ang tama kung wasto ang pangungusap, mali kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.


1. Gumagamit ng hati-hating papel sa paggawa ng paper mache.
2. Ang paggawa ng likhang- sining ay nakatutulong upang magkaroon ng tiwala sa sarili.
3. Ang sining na ginawa ay dapat ikahiya.
4. Nakatutulong ang mga panuto upang makagawa ng

tamang gawain.

5. Nagbibigay ng kasiyahan ang paggawa ng sining.

## Gawain 3

Panuto: Tukuyin kung ano ang isinasaad ng larawan sa Hanay A at piliin ang titik ng tamang sagot sa Hanay B. Isulat ang tamang sagot sa iyong sagutang papel.


| Hanay A | | Hanay B |
|---|---|---|
| 1. |  | a. Patuyuin ito sa araw. |
| 2. |  | b. Hatiin ng pahaba ang lumang dyaryo o papel. |
| 3. |  | c. Isa-isahing idikit ang hinating pahabang dyaryo o papel sa lata hanggang sa ito ay kumapal. |

4.



d. Kumuha ng lata o boteng plastik. Sa gabay ng inyong magulang ay hatiin ang boteng plastik na kagaya ng nasa ilustrasyon.

5.



e. Lagyan ito ng disenyo at kulayan gamit ang pintura.



## *Isaisip*

Makagagawa tayo ng _____________ gamit ang mga patapong bagay sa ating paligid katulad ng lata, boteng plastik, papel at lumang dyaryo.

## *Isagawa*

Panuto: Ilabas ang mga kagamitan, gumawa ng pencil holder at disenyuhan ito ayon sa nais mo.

Gamitin ang talahanayan sa ibaba upang malaman ang kakayahan mo sa paglikha ng pencil holder. Isulat ang Oo o Hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| Pamantayan | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Nakagawa ako ng pencil holder gamit ang patapong bagay. | | |
| 2. Ang aking likhang - sining ay kakaiba at malikhain. | | |
| 3. Gumamit ako ng tamang kulay upang maging kaakit-akit ang aking likhang sining. | | |
| 4. Naramdaman ko ang kasiyahan sa aking ginawang sining. | | |
| 5. Naipagmamalaki ko sa iba ang aking ginawang sining. | | |



# *Tayahin*

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Anong kagamitan ang maaaring gamitin sa paggawa ng pencil holder?

   a. papel　　b. folder　　c. karton　　d. tali

2. Alin ang unang dapat gawin sa paggawa ng pencil holder?

   a. Lagyan ito ng disenyo at kulayan gamit ang pintura.

   b. Isa-isahing idikit ang hinating pahabang dyaryo o papel sa lata hanggang sa ito ay kumapal.

   c. Hatiin ng pahaba ang lumang dyaryo o papel.

   d. Kumuha ng lata o boteng plastik. Sa gabay ng inyong magulang ay hatiin ang boteng plastik na kagaya ng nasa ilustrasyon.

3. Ito ay ang likhang sining na yari sa papel.

   a. paper mache　　c. sketching

   b. print making　　d. drawing

4. Anong patapong bagay ang pwedeng gamitin sa paggawa ng pencil holder?

   a. lumang papel　　c. boteng plastik

b. lata

d. lahat ng nabanggit

5. Ano ang inilalagay sa pencil holder upang ito ay maging kaakit akit?

a. clay

c. krayola

b. kulay at disenyo

d. makulay na papel

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Lagyan ng ✓ ang kagamitang matatagpuan sa inyong tahanan na magagamit sa paggawa ng likhang sining. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| Kagamitan | ✓ |
| --- | --- |
| 1. magasin | |
| 2. straw | |
| 3. lagayan ng gamot | |
| 4. popsicle stick | |
| 5. garapon | |

Aralin 1

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**
1. /
2. X
3. /
4. X
5. /

**Tuklasin**
1. Si Ken
2. Hamster
3. Tuwing naglalaro siya
4. Pinakakain at pinaiinom
5. Ang kanyang Inay

**Pagyamanin**
**Gawain 1**
3
5
1
4
2

**Isaisip**
Paper Mache
Balangkas

**Isagawa**
Papel
Pintura
Lata
Krayola
Lumang damit
Dahon

**Tayahin**
1. B
2. A
3. C
4. B
5. D

**Tayahin**
1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Mali

Aralin 2



# Susi sa Pagwawasto

**Isagawa:**

1. oo
2. oo
3. oo
4. oo
5. oo

**Tayahin**

1. a
2. d
3. a
4. d
5. b

**Karagdagang Gawain:**

1. /
2. /
3. /
4. /
5. /

**Pagyamanin:**

**Gawain 1**

5
1
4
3
2

**Gawain 2**

1. T
2. T
3. M
4. T
5. T

**Gawain 3**

1. b
2. d
3. c
4. e
5. a

**Isaisip:**

Paper mache

**Balakin:**

1. /
2. /
3. x
4. /
5. x

**Suriin:**

1. pencil holder

2. Kumuha ng lata o boteng plastic.

Punit punitin nang pahaba ang lumang dyaryo o papel.

Isa isahing idikit ang pahabang pinunit na dyaryo o papel sa lata hanggang sa ito ay kumapal.

Patuyuin ito sa araw.

Lagyan ito ng disenyo ayon sa ibig mo at kulayan gamit ang pintura.

3. tiwala sa sarili

# *Sanggunian*


K to 12 Health Curriculum Guide. December 2013.

Oabel, Edna C., et al. 2013. *Music, Art, Physical Education and Health – Ikalawang Baitang , Kagamitan ng Mag-aaral*. Pasig City: DepEd-IMCS

Oabel, Edna C., et al. 2013. *Music, Art, Physical Education and Health – Ikalawang Baitang , Patnubay ng Guro*. Pasig City: DepEd-IMCS

Department of Education. 2013*. K to 12 Health Curriculum Guide. Unang Edisyon*. Pasig City. Acessed date July 10, 2020. https://www.deped. gov.ph/wp-content/ uploads/2019/01/Health-CG_with-tagged-math-equipment.pdf

Department of Education. 2020*. Most Essential Learning | Search Results |* Department of Education. deped.gov.ph. Acessed date July 31, 2020. https://www.deped. gov.ph/?s=most +essential+learning.

DepEd Order No 30, s. 2019. *The Department of Education Manual of Style. Ebook*. Pasig City: Public Affairs Service-Publications Division Department of Education Central Office. Accessed July 10, 2020. https://www.deped.gov. ph/wp-content/uploads/2019/10/DO_s2019_030-2.pdf.

Ramilo, Ronaldo V., et al. 2013. *Music, Art, Physical Education and Health - Ikalawang Baitang, Kagamitan ng Mag-aaral*. Pasig City. DepEd- IMCS.

Ramilo, Ronaldo V., et al. 2013: *Music, Art, Physical Education and Health - Ikalawang Baitang, Patnubay ng Guro*. Pasig City. DepEd-IMCS.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph